



BAGO SA *Canada?*

BAGO SA *Simcoe County?*



Immigration, Refugees
and Citizenship Canada



MGA KONEKSYON SA KOMUNIDAD

Bago ka ba sa Simcoe County, at/o bago sa Canada? Ang mga serbisyo sa paninirahan ay nag-aalok ng tulong at suporta sapag-aaral tungkol sa mahahalagang mapagkukunan sa mga lokal na komunidad. Matutulungan ka ng isang manggagawa sa paninirahan na makahanap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, pagrehistro ng iyong mga anak sa mga paaralan, at kumpletuhin ang mga aplikasyon/papeles sa mga pederal at panlalawigang pamahalaan (mga halimbawa, paghahain ng buwis, seguro sa kalusugan, lisensya sa pagmamaneho). Madali ang pagkonekta sa isang manggagawa sa paninirahan. Makakahanap ka ng isa sa mga ahensyang nakalista sa ibaba, sa pamamagitan ng paaralan ng iyong mga anak, o sa pagbisita sa isang lokal na aklatan. Ang mga suporta sa pangkaisipang kalusugan ay makukuha sa pamamagitan ng Programang Kalusugan at Kagalingan ng Bagong Dating (Newcomer Health and Well-being Program).



Mga Serbisyo sa Imigrante at Komunidad ng Bradford(BICS)



Sentro ng Maligayang Pagdating sa mga Serbisyo sa Imigrante - Newmarket



Samahan ng Pangkaisipang Kalusugan ng Canadia (CMHA) ng Rehiyon ng York at South Simcoe



Mga Serbisyo sa Imigrante ng YMCA ng Simcoe/Muskoka



Collège Boréal



PAG-AARAL NG WIKA

Ang pag-aaral at pakikipag-usap sa Ingles at/o Pranses ay mahalagang paraan upang maitatag ang iyong sarili sa Canada. Mayroong maraming mga paraan upang matuto at magsanay ng Ingles sa Simcoe County, kabilang ang mga pormal na klase ng wika na inaalok sa araw o mga gabi, at hindi gaanong pormal na mga grupo sa pag-uusap. Bago simulan ang mga klase sa Ingles, dapat kumpletuhin ng mga mag-aaral ang pagtatasa ng wika upang makatulong na matukoy ang antas ng pagtuturo ng wika na kailangan. Nag-aalok ang pederal na pamahalaan ng Pagtuturo ng Wika sa Mga Bagong Dating sa Canada (Language Instruction for Newcomers to Canada) (LINC) na maaaring magbigay ng suporta sa pag-aalaga ng bata at transportasyon sa pamamagitan ng YMCA ng Simcoe-Muskoka at Mga Serbisyo sa Imigrante at Komunidad ng Bradford [Bradford Immigrant and Community Services]. Nag-aalok ang Georgian College ng Pagsasanay sa Espesipikong Wika ng Trabaho [Occupational Specific Language Training (OSLT)] na nakatuon sa kasanayan sa komunikasyon at mga wika sa lugar ng trabaho. Ang Lupon ng Paaralang Distrito ng Simcoe County (Simcoe County District School Board (SCDSB)) ay nag-aalok ng Ingles bilang Ikalawang Wika [English as a Second Language (ESL)] sa maraming lokasyon. Makakatulong ang Collège Boréal sa mga mag-aaral na gustong pahasayin ang mga kasanayan sa wikang Pranses.



Mga Serbisyo sa Imigrante at Komunidad ng Bradford(BICS)



Pagsasanay sa Trabaho-Espesipikong Wika ng Kolehiyo ng Georgia



Mga Serbisyo sa Imigrante ng YMCA ng Simcoe/Muskoka



Collège Boréal



Sentro ng Maligayang Pagdating sa Bagong Dating ng Lupon ng Paaralang Distrito ng Simcoe County



PAGHAHANAP NG TRABAHO

Ang paghahanap ng trabaho sa Canada ay maaaring maging isang bagong karanasan. Makakahanap ka ng tulong upang makakuha ng trabaho sa iyong larangan na may iba't ibang suporta. Ang Georgian College ay nag-aalok ng Klub sa Paghahanap ng Trabaho para sa mga Imigrante [Job Finding Club for Immigrants], na tumutulong sa mga bagong dating sa paghahanda sa paghahanap ng trabaho at nagtatatag ng mga lokal na network ng mga propesyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagtuturo. Ang programang Accreditation at Qualification at Information Services (AQIS) mobile yunit ng Sentro ng Maligayang Pagdating (Welcome Center) ay tumutulong sa pagbuo ng mga landas patungo sa pagkilala sa kredensyal at pansamantalang mga solusyon sa karera. Ang lokal na sistema ng mga ahensya ng Employment Ontario ay makakatulong sa iyo na maghanda ng iyong resume, pahasayin ang iyong mga pamamaraan sa paghahanap ng trabaho, at makipag-ugnayan sa mga lokal na tagapag-employo. Ang mga lokal na trabaho ay matatagpuan sa: mobileunit@welcomecentre.ca.



Kapisanan ng Paghahanap ng Trabaho ng Kolehiyo ng Georgia para sa mga Imigrante



Sentro ng Maligayang Pagdating na mga Serbisyo sa Imigrante - Newmarket

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Mga Serbisyo sa Imigrante at Komunidad ng Bradford (BICS)

11 Holland Street East
Bradford, ON L3Z 2B8
inquiries@bradfordimmigrant.ca
(905) 775-3343
bradfordimmigrant.ca

Samahan ng Pangkaisipang Kalusugan ng Canada (CMHA) ng Rehiyon ng York at South Simcoe

1101 Nicholson Road Unit 5, Newmarket
1-866-345-0183
cmha-yr.on.ca/

Sentro ng Maligayang Pagdating na mga Serbisyo sa Imigrante - Newmarket

16655 Yonge Street # 26, Newmarket, ON L3X 1V6
welcomecentre.ca
info@welcomecentre.ca
(289) 841-3032

Collège Boréal

136 Bayfield Street, Suite 100 Barrie, ON L4M 3B1
collegeboreal.ca/immigration
(705) 737-9088

Pagsasanay sa Trabaho-Espesipikong Wika ng Kolehiyo ng Georgia

1 Georgian Drive
Barrie, ON L4M 3X9
oslt@georgiancollege.ca
(705) 728-1968 ext. 5329
georgiancollege.ca/oslt

Kapisanan ng Paghahanap ng Trabaho ng Kolehiyo ng Georgia para sa mga Imigrante


48 Collier Street, Barrie, ON L4M 3X9
jfci@georgiancollege.ca
(705) 722-1505
georgiancollege.ca/jfci

Sentro ng Maligayang Pagdating sa Bagong Dating ng Lupon ng Paaralang Distrito ng Simcoe County

320 Bayfield Street, Barrie, ON L4M 3C1
(705) 725-8360 ext. 45151

Mga Serbisyo sa Imigrante ng YMCA ng Simcoe/Muskoka

320 Bayfield Street, Barrie, ON L4M 3C1
(705) 241-2501
ymcaofsimcoemuskoka.ca/immigrantservices



Mga Serbisyo sa Imigrasyon ng Simcoe County

Mga Lokasyon ng Serbisyo sa Imigrasyon

- Mga Serbisyo sa Imigrante at Komunidad ng Bradford
- Kapisanan sa Paghahanap ng Trabaho para sa Imigrante ng Barrie
- Mga Serbisyo sa Imigrante ng YMCA ng Simcoe/Muskoka
- Mga Serbisyo sa Paglilibot ng YMCA
- Mga Mobile na Serbisyo ng Sentro ng Maligayang Pagdating (Isang beses sa isang linggo)
- Mga Mobile na Serbisyo ng Maligayang Pagdating na Sentro (Isang beses sa isang buwan)

Mga Lokasyon ng Serbisyo sa Pagsasanay sa Wika

- Buong-Panahon na mga Klase ng ESL
- Part-Time na mga Klase ng ESL
- Mga Klase ng LINC
- Mga Klase ng OSLT

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA KONTAK NG PAGKAKASOSYO NG LOKAL NA IMIGRASYON NG SIMCOE COUNTY :

sclip@simcoe.ca | sclip.simcoe.ca | immigration.simcoe.ca

2022 Tagalog

